8

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Modelong Banghay-Aralin sa Araling Panlipunan

Kuwarter 2

Aralin 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Araling Panlipunan 8**
**Kuwarter 2: Linggo 3**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Rizza Capangyarihan Cortez (Pasay City West High School)
- Norvin C. Aquerido (Emilio Jacinto National High School)

**Tagasuri:**
- Ma.Victoria Culminas-Colis,Phd (Philippine Normal University-Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph


**ARALING PANLIPUNAN / IKALAWANG KUWARTER / ANTAS 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa at pagpapahalaga sa hamon ng kolonyalismo at imperyalismo sa pagpapatatag ng nasyonalismo at pagkabansa. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng mungkahing solusyon sa mga napapanahong isyung may kaugnayan sa pagpapatatag ng nasyonalismo at pagkabansa |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | Natatalakay ang mahahalagang pangyayari noong ika-15 at ika-16 siglo bago ang panahon ng paggalugad ng mga lupain<br>1.Nailalahad ang konteksto ng mga pangyayari sa panahon ng paglalakbay nina Ibn Battuta at Zheng He.<br>2.Natatalakay ang mga pangyayari sa Mughal Empire sa panahon ng pananakop ng mga Kanluranin<br>3. Naipaliliwanag ang nilalaman ng Edict of Sakoku at ang naging epekto nito sa pananakop ng mga Kanluranin.<br>4. Nasusuri ang naging epekto ng pananakop ng mga Kanluranin sa Asya. |
| **C. Nilalaman** | Ang mga Asyano sa Panahon Ng Paggalugad At Kolonyalismo<br>1. Ang paglalakbay ni Ibn Battuta at Implikasyon nito.<br>2. Ming China (tuon sa paglalakbay ni isinagawa sa ilalim ng pamumuno ni Zheng He)<br>3. Mughal Empire ng India<br>4. Tokugawa Japan (Edict of Sakoku) |
| **D. Integrasyon** | Tao, Lipunan, at Kapaligiran (People, Society, and Environment)<br>Panahon, Pagpapatuloy, at Pagbabago (Time, Continuity, and Change)<br>Kultura, Pagkakakilanlan, at Pagkabansa (Culture, Identity, and Nationhood) |


| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| *Tokugawa period* \| *Definition & Facts*. (2024, April 12). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/event/Tokugawa-period<br>Munez, E. (2023, April 18). *Sakoku* \| *Japan, Edict, History, Facts, & Isolation*. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/topic/sakoku<br>*Mughal Dynasty* \| *Timeline*. (n.d.). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/summary/Mughal-Dynasty-Timeline |

*Mughal dynasty | Map, Rulers, Decline, & Facts*. (2024, April 19). Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/topic/Mughal-dynasty
Hrbek, I. (2024, March 14). *Ibn Battuta | Biography, History, Travels, & Map*. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/biography/Ibn-Battuta
Lo, J. P. (2024, April 3). *Zheng He | Biography, Facts, & Significance*. Encyclopedia Britannica. https://www.britannica.com/biography/Zheng-He
Mga Larawan
https://www.clipartbest.com/clipart-LTKnMnyTa
https://www.aiophotoz.com/photos/world-political-map-labeled.html
Video
*https://www.youtube.com/watch?v=ZTCVaHn9b88&t=170s*
*https://www.youtube.com/watch?v=ZTCVaHn9b88&t=170s*

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr>
<td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td>
<td>UNANG ARAW<br>A. Maikling Balik-aral (GUESS THAT IMAGE)<br>Magpapakita ng mga larawan sa klase. Matapos ay huhulaan nila kung sino ang nasa larawan. Matapos ay magbigay ng impormasyon tungkol sa larawan. Magkaroon ng kaunting talakayan tungkol sa aralin noong nakaraan gamit ang mga pamprosesong katanungan.<br>  <br>1. ____________________ 2. __________________ 3. ____________________</td>
<td>Sagot:<br><br>1. Henry the Navigator<br>2. Hernan Cortes<br>3. Francisco Pizarro<br>4. Christopher Colombus<br>5. Ferdinand Magellan<br><br>Gamitin ang mga pamprosesong tanong para mapalalim ang kaalaman sa talakayan noong nakaraang aralin.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | <br><br>https://picryl.com/media/christopher-columbus-1492-1892-1<br><br>https://picryl.com/media/ferdinand-magellan-1581<br>4. ____________________ 5. ________________________<br><br>Pamprosesong Tanong:<br>1. Ano ang pagkakatulad ng mga tao na nasa larawan?<br>2. Ano ang kanilang naging ambag sa pag-unlad ng "Age of Exploration"?<br><br>**B. Pidbak (MY EXPLORER BIOGRAPHY)**<br>**C.**<br>Ipapakita ng bawat pangkat ang nagawang biography na ginawa noong nakaraan aralin. Magbibigay ng komento ang guro at mga mag-aaral sa kanilang mga ginawa gamit ang mga pamantayan sa pagmamarka dito. Ipaliwanag sa klase ang kahalagahan ng biography bilang isang batis para mapag-aralan ang kasaysayan at ang mga dapat tandaan sa pagsusuri dito tulad ng mga tamang datos at ang pagsusuri kung ito ba ay bias o hindi. | Siguraduhin na lahat ng pangkat ay nagawa ang kanilang gawain. Magbigay ng constructive na opinyon. Dapat ay napaliwanag na sa mga mag-aaral ang pamantayan noong nakaraang aralin. |
| **D. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin (PASS THE GLOBE)**<br>Gumawa ng isang malaking bilog ang klase.Ipapasa ang bola o globo ng mga mag-aaral ito sa kanilang katabi habang inaawit ang "7 Continents".Kapag huminto ang awitin kailangan magbigay ng bansa ang batang may huling hawak ng bola sa kung ano ang huling kontinente na nabanggit sa awitin. Itatala ng mag-aaral ang mga bansang kanilang mababanggit.<br>7 Continents<br>( to the tune of Baba Black Sheep)<br>Continents,Continents,Seven Continents<br>Asia,Africa,North and South America,<br>Europe,Australia and Antarctica | Tanggapin ang lahat ng sagot ng mag-aaral.Ipatala ito sa pisara at ipahanap sa mapa ang lokasyon nito. |

| | | |
|---|---|---|
| | **2.Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin (JUMBLED LETTERS)**<br>Ang mga mag-aaral ay aaysuin ang mga jumbled letters na nakalagay sa mga iginuhit na barko. Matapos ay tatanungin ang mga mag-aaral kung ano ang kanilang pagkakaunawa sa mga salitang ito bago ipakita ng guro ang kahulugan.<br><br>**Sanggunian:** https://www.istockphoto.com/illustrations/sailing-ship-mast-boat-wood-sailing-old-vintage-sea-ocean-clip-art | Sagot<br>1.**Imperyalismo**-isang patakaran kung saan ang isang bansa ay nagpapalawak ng kapangyarihan at impluwensya sa iba sa pamamagitan ng pananakop o ekonomikong kontrol, para sa sariling kapakinabangan.<br>2.**Modernisasyon**-proseso ng pag-update at pagpapabuti sa sistema, teknolohiya, imprastraktura, at serbisyo upang gawin itong mas epektibo, mabilis, at angkop sa kasalukuyang panahon.<br>3.**Kanluranin**- katagang tumutukoy sa Hilagang Amerika, at Europa.<br>4. **Dinastiya**- Sunud-sunod na pinunong nasa kapangyarihan mula sa iisang angkan o pamilya. |
| **E. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa #1: MGA PAGLALAKBAY NI IBN BATTUTA AT ZHENG HE**<br>**Pagproseso ng Pag-unawa (VIDEO WATCH)**<br>Sa bahagi ng aralin na ito, ipapanood sa klase ang dalawang video tungkol sa paglalakbay ni Ibn Battuta at Zheng He. Bago simulan ang panonood ay magkaroon muna ng maikling introduksyon sa kanilang dalawa. Mahalaga malaman ng mga mag-aaral na may mga ekspidisyon na ginagawa ang mga Asyano taliwas sa ideya na Europeo lamang ang may kakayanan na maglakbay.<br><br>Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=gXoFTQVaScs<br><br>Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=LGcbIoTyY6s | Maaring magkaroon ng malayang talakayan sa bahaging ito ng aralin. Gamitin lamang ang video sa pagtalakay at upang makapagtala ang mga mag-aaral.<br><br>Magkaroon ng malayang talakayan gamit ang graphic organizers ng mga mag-aaral |

| | | |
|---|---|---|
| | Matapos mapanood ang dalawang video ay hahatiin ang klase sa limang pangkat. Bawat pangkat ay bubuo ng isang "comparison chart" na naghahalintulad sa dalawang paglalakbay. Matapos ay magkaroon ng malayang talakayan batay sa ginawang "comparison chart".<br>Magkaroon din ng pagninilay tungkol sa ano ang masasabi nila sa mga paglalakbay na ito bago matapos ang klase.<br><br>**IKALAWANG ARAW**<br>**Pinatnubayang Pagsasanay (IT'S IBN BATTUTA O ZHENG HE)**<br>Ngayon ay naunawaan na hindi lang mga Europeo ang may kakayahan na makapaglakbay at makapaggalugad sa iba't ibang bahagi ng mundo. Ang mga paglalayag ni Ibn Battuta at Zheng he ang mga patunay na may kakayahan ang mga Asyano na makapaglayag. Ang mga mag-aaral ay tutukuyin kung ito ay paglalayag ni IBN BATTUTA O ZHENG HE.<br>_______________1. Bumisita sa mahigit 30 bansa sa Timog Asya at Africa.<br>______________2. Naglayag sa Africa, Timog Asya at Tsina sa loob ng 30 taon | para maproseso ang kalaaman sa paksa. |

| | | |
|---|---|---|
| | ____________3. Nagdala ng mga hayop tulad ng giraffe sa kanyang bansa bunga ng kanyang paglalayag.<br>____________4. Ang tingin ng ilang iskolar noon sa kanyang paglalayag ay magastos at walang patutunguhan.<br>____________5. Isinulat ang "The Journey" isang koleksyon ng kanyang karanasan sa paglalayag.<br><br>**Paglalapat at Pag-uugnay (TARA NA, BIYAHE TAYO)**<br>Malinaw sa paksa na ito na hindi lamang ang mga Europeo ang may kakayahan na makapaglayag. Ang mga Asyano ay mayroon nang kakayahan maglayag bago pa man umusbong ang "Age of Exploration" sa Europa. Sa gawain na ito ay iuugnay natin ang kahalagahan ng pagtatala sa mga karanasan natin sa pamamagitan ng pagsulat ng isang "travelogue". Mag-isip ng isang lugar na kanilang napuntahan na maaring malapit sa kanila tulad ng Mall, bahay ng kanilang kaklase, probinsya o isang bansa na kanilang pinagbakasyunan. Itatala ang kanilang mga napansin at naransan sa lugar na ito.<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________<br>Matapos ay ibabahagi ito ng mga mag-aaral sa klase. Ang guro ay maari magbigay ng komento sa mga nagawa ng mag-aaral o magtanong pa batay sa kanilang gawa.<br><br>**Kaugnay na Paksa #2 (MUGHAL EMPIRE)**<br>**1.Pagproseso ng Pag-unawa (SURI-BASA)**<br>Ipanood muna sa mga mag-aaral ang video na ito na tungkol sa Imperyong Mughal para magkaroon sila ng kaalaman sa aralin at sa kanilang gagawing pangkatang gawain. Bago muna magpanood ay magtanong muna sa mga mag-aaral kung ano ang kanilang alam na tungkol sa Imperyong Mughal. | Sagot:<br>1. IBN BATTUTA<br>2. ZHENG HE<br>3. ZHENG HE<br>4. ZHENG HE<br>5. IBN BATTUTA<br><br>Inaasahan na magkakaiba ang sagot ng mga mag-aaral batay sa lebel ng kanilang pagkaunawa. Gamitin ang kanilang mga kasagutan para mapalalim ang talakayan. |

| | | |
|---|---|---|
| | Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=fMsmCxIEQr4<br><br>Matapos, hahatiin ang klase sa limang pangkat. Matapos ay babasahin ng bawat mag-aaral ang inihandang teksto tungkol sa Imperyong Mughal.<br>*Ang batang prinsipe Babur, na nagmula sa Timur sa panig ng kanyang ama at Genghis Khan sa kanyang ina, ay natapos ang kanyang pananakop sa hilagang India noong 1526, na natalo ang Delhi Sultan Ibrahim Shah Lodi sa Unang Labanan ng Panipat .*<br>*Si Babur ay isang refugee mula sa matinding dynastic struggle sa Central Asia; ang kanyang mga tiyuhin at iba pang warlord ay paulit-ulit na itinanggi sa kanya ang pamamahala sa mga lungsod ng Silk Road ng Samarkand at Fergana, ang kanyang pagkapanganay. Si Babur ay nakapagtatag ng isang base sa Kabul, gayunpaman, kung saan siya lumiko sa timog at nasakop ang karamihan sa subkontinente ng India. Tinawag ni Babur ang kanyang dinastiya na "Timurid," ngunit mas kilala ito bilang Dinastiyang Mughal—isang pagsasalin ng Persia sa salitang "Mongol."*<br><br>*Hindi kailanman nagawang lupigin ni Babur ang Rajputana, ang tahanan ng mga tulad-digmaang Rajput . Gayunpaman, pinasiyahan niya ang natitirang bahagi ng hilagang India at ang kapatagan ng Ilog Ganges.*<br><br>*Kahit na siya ay isang Muslim, si Babur ay sumunod sa isang medyo maluwag na interpretasyon ng Quran sa ilang mga paraan. Siya ay umiinom nang husto sa kanyang mga kilalang marangyang kapistahan, at nasiyahan din sa paninigarilyo ng hashish. Ang nababaluktot at mapagparaya na mga pananaw sa relihiyon ni Babur ay higit na makikita sa kanyang apo, si Akbar the Great .*<br><br>*Noong 1530, namatay si Babur sa edad na 47. Ang kanyang panganay na anak na si Humayan ay lumaban sa pagtatangkang paupuin ang asawa ng kanyang tiya bilang emperador at umupo sa trono. Ang bangkay ni Babur ay ibinalik sa Kabul, Afghanistan, siyam na taon pagkatapos ng kanyang kamatayan, at inilibing sa Bagh-e Babur.*<br><br>*Si Humayun ay hindi isang napakalakas na pinuno. Noong 1540, tinalo ng pinuno ng Pashtun na si Sher Shah Suri ang mga Timurid, na pinatalsik si Humayun.* | Maaring magkaroon ng malayang talakayan sa bahaging ito ng aralin. Gamitin lamang ang video sa pagtalakay at upang makapagtala ang mga mag-aaral.<br><br>Magkaroon ng malayang talakayan gamit ang graphic organizers ng mga mag-aaral para maproseso ang kalaaman sa paksa. |

*Nabawi lamang ng pangalawang emperador ng Timurid ang kanyang trono sa tulong mula sa Persia noong 1555, isang taon bago siya namatay, ngunit sa oras na iyon ay nagawa niyang palawakin ang imperyo ni Babur.*

*Nang mamatay si Humayun matapos mahulog sa hagdan, kinoronahan ang kanyang 13-anyos na anak na si Akbar. Tinalo ni Akbar ang mga labi ng mga Pashtun at dinala ang ilang hindi napigilang mga rehiyong Hindu sa ilalim ng kontrol ng Timurid. Nakuha din niya ang kontrol sa Rajput sa pamamagitan ng diplomasya at mga alyansa sa kasal.*

*Si Akbar ay isang masigasig na patron ng panitikan, tula, arkitektura, agham, at pagpipinta. Bagama't siya ay isang nakatuong Muslim, hinikayat ni Akbar ang pagpaparaya sa relihiyon at humingi ng karunungan mula sa mga banal na tao ng lahat ng pananampalataya. Nakilala siya bilang Akbar the Great.*

Sanggunian: https://www.britannica.com/topic/Mughal-dynasty

Matapos ang mga mag-aaral ay pupunta na sa bawat guro para sagutan ang inihandang "graphic organizer" kung saan ay pupunan ito ng mga impormasyon batay sa nabasang teksto.




**IKATLONG ARAW**
**Pinatnubayang Pagsasanay (FACT OR BLUFF)**


Ang mga mag-aaral ay tutukuyin ang bawat pahayag kung ito ay tama (FACT) o mali (BLUFF). Ipapaliwanag nila ang kanilang mga sagot.


_______________1. Pinapaniwalaan na ang Imperyong Mughal ay mula sa lahi ni Genghis Khan.

_______________2. Buddhismo ang pinapalaganap na relihiyon sa ilalim ng Dinastiyang Munghal.

| | | |
|---|---|---|
| | ________________3. Namatay si Humayun sa digmaan na siyang pinalitan ng kanyang anak na si Akbar<br>________________4. Si Babur ang unang pinuno ng Imperyong Mughal.<br>________________5. Si Akbar ay naging masigasig na patron ng sining at arkitektura.<br><br>**Paglalapat at Pag-uugnay (TRIP TO TAJ MAHAL)**<br>Nabanggit sa nakaraang talakayan na ang imperyong Mughal ay naging sentro ng sining at arkitektura, salamat sa mga pamamahala ng mga pinuno tulad ni Akbar the Great. Ang mga mag-aaral ay manonood ng isang video tungkol sa Taj Mahal na isa sa mga dakilang ambag sa ilalim ng imperyong Mughal.<br><br>Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=v580zy82rcE<br><br>Matapos ay batay sa napanood ay gagawa ang mga mag-aaral ng isang "promotional letter" na naghihikayat sa mga tao na bumisita sa Taj Mahal. Isama sa sulat ang mga dahilan kung bakit kailangan ito puntahan at ano ang ambag nito sa ating kasaysayan.<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br>________________________________<br><br>**KAUGNAY NA PAKSA #3: (Togukawa Japan)**<br><br>**Pagproseso sa Pag-unawa (SURI-VIDEO)**<br>Panonoorin ng mga mag-aaral ang inihandang video. Matapos ay hahatiin ang klase ulit sa limang pangkat para gawin ang "graphic organizer" batay sa napanood na video. | Sagot:<br>1. FACT<br>2. BLUFF<br>3. BLUFF<br>4. FACT<br>5. FACT<br><br>Inaasahan na magkakaiba ang sagot ng mga mag-aaral batay |

| | | |
|---|---|---|
| | Sanggunian: https://www.youtube.com/watch?v=Nq5ky-7LSUM<br><br>Ilarawan ang Japan: ______ ___________ _________________<br>Sino si Togukawa Ieyasu: _________________ _________________<br>Anu ano ang mga patakaran ang ipinatupad ni Togykawa Ieyasu?: _________________ _________________<br><br>Magkaroon ng malayang talakayan gamit ang ginawang graphic organizer ng bawat pangkat sa pamamagitan ng pagtatanong ng mga katanungan tungkol sa video na napanood at sa kanilang ginawang graphic organizer.<br><br>**IKAAPAT NA ARAW**<br><br>**Pinatnubayang Pagsusulit (FILL ME IN)**<br><br>Ang mga mag-aaral ay pupunan ng mga salita ang mga blanko na nasa teksto para maging wasto ang pahayag.<br><br>Sakoku, isang patakaran nga mga 1 _______________ na binubuo ng isang serye ng mga direktiba na ipinatupad sa loob ng ilang taon sa panahon ng 2_________ (na kilala rin bilang Tokugawa 1603–1867) na pinapatupad ang self-isolation mula sa ibang mga kapangyarihan na mula sa kanluran simula ng ika-17 siglo. Kabilang sa mga direktiba ang pagbabawal sa pagpapahayag ng relihiyon ng 3___________ at pag alis ng mga taga-Japan na o pagbalik mula sa mga paglalakbay sa ibang bansa. Nagkaroon din ng mga direktibo na pagbabawal sa pakikibahagi sa 4____________ sa iba't-ibang mga bansa. Ang konsepto ng ____________ ay nagmula mula sa pagdududa ng mga Hapones sa 6_____________ ng mga taga ibang bansa. Iba pang mga kapangyarihan ay halos ganap na pinagbabawal sa anumang diplomatiko at komersyal na relasyon sa 7__________sa unang taon ng Edo , | sa lebel ng kanilang pagkaunawa. Gamitin ang kanilang mga kasagutan para mapalalim ang talakayan.<br><br>Maaring magkaroon ng malayang talakayan sa bahaging ito ng aralin. Gamitin lamang ang video sa pagtalakay at upang makapagtala ang mga mag-aaral.<br><br>Magkaroon ng malayang talakayan gamit ang graphic organizers ng mga mag-aaral para maproseso ang kalaaman sa paksa. |

| | | |
|---|---|---|
| | maliban sa 8_________ at ang Tsina , hanggang sa gitna ng 1800s, hanggang ang Japan ay sapilitan 9________ muli ni Commodore _____________.<br>Sanggunian: [https://www.britannica.com/topic/sakoku](https://www.britannica.com/topic/sakoku)<br><br>**Paglalapat at Pag-uugnay.**<br>Ang mga mag-aaral ay sasagot sa inihandang “thought box” na sasagot sa katanungan na ito:<br>Kung ikaw ay isang pinuno ng isang bansa,gagawin mo ba ang ginawa ng mga pinuno ng Japan,ang pagpapatupad ng “Isolation Policy? Ipaliwanag<br><br> | Sagot:<br>1. Hapones<br>2. Edo<br>3. Kristiyanismo<br>4. Kalakalan<br>5. Sakoku<br>6. Hangarin<br>7. Japan<br>8. Netherlands<br>9. Pinabukas<br>10. Matthew Perry<br><br>Inaasahan na magkakaiba ang sagot ng mga mag-aaral batay sa lebel ng kanilang pagkaunawa. Gamitin ang kanilang mga kasagutan para mapalalim ang talakayan. |
| **F. Paglalahat** | **Pabaong Pagkatuto**<br>**GALLEON LIST.** Ang mga mag-aaral ay ililista sa “galleon” ang kanilang mga natutunan sa aralin na ito. | Tanggapin ang lahat ng kasagutan ng mga mag-aaral. Gamitin ang kanilang mga |

| | | |
|---|---|---|
| |  [https://openclipart.org/share](https://openclipart.org/share) **Pagninilay sa Pagkatuto (MY BEST LEARNING)** Sa gawain na ito, ang mga mag-aaral ay pipili ng isa sa mga sinulat nilang natutunan sa kanilang "galleon" at ipapaliwanag kung bakit ito ang higit niyang natutunan. Ibabahagi niya ito sa klase. | kasagutan sa pagpapalalim ng talakayan. |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **Pagsusulit (DIFFERENTIATED INSTRUCTION)**<br><br>Sa bahagi ng talakayan na ito ay ipapakita ng bawat mag-aaral ang kanilang natutunan sa talakayan na ito sa pamamagitan ng iba't ibang gawain. Hahatiin ang klase sa limang pangkat. Bawat pangkat ay may gagawin tungkol sa kahalagahan ng pagboto ng tama.<br>**Unang Pangkat- "Comic Strip"** gumawa ng isang comic strip tungkol sa paglalakbay ni Zheng He<br>**Ikalawang Pangkat- "Mock Interview"** gumawa ng isang skit na iniinterview si Ibn Battuta tungkol sa kanyang paglalayag.<br>**Ikatlong Pangkat- "Timeline"** Bumuo ng isang timeline na nagpapakita ng mga mahahalagang pangyayari sa Imperyong Mughal.<br>**Ikaapat na Pangkat- "Role Playing"** gumawa ng isang skit tungkol sa isang paglalakbay o field trip sa Taj Mahal at Agra Fort (Red Fort). | Ipaliwanag mabuti ang gagawin ng bawat pangkat. Ipaliwanag din ang pamantayan sa pagmamarka sa kanila.<br><br>Mainam na bigyan ng pagkakataon ang mga mag-aaral na magbigay ng feedback sa kanilang gawa para makita ang lebel ng kanilang pagkatuto<br><br>Maari gawin din itong takdang aralin at iprepresenta nila sa |

<table>
<tr><td></td><td colspan="3">Ikalimang Pangkat- “Flash Report” gumawa ng maikling flash report na nagpapaliwanag sa Sakoku sa Japan. Kabilang dito ang mga dahilan ng pagsasagawa nito sa kanilang bansa.<br>Mamarkahan ng guro ang gawa ng bawat pangkat batay sa sumusunod na pamantayan:<br>Nilalaman<br>(Naibibigay ng buong husay ang inatas na paksa) 10 points<br>Presentasyon<br>(Malikhaing at maayos naipakita ang ginawang gawain) 10 points<br>Kooperasyon<br>(Naipamalas ng buong miyembro ang kanilang husay sa pangkat) 10 points<br>KABUUHAN 30 puntos</td><td>huling araw ng linggo ng talakayan.</td></tr>
<tr><td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon</td><td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td><td>Epektibong Pamamaraan</td><td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td><td rowspan="5">Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan.</td></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br><br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br><br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br><br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | *Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro* |